

Naaalinsunod na Pambansang Pangongolekta ng Datos sa Mga Estudyanteng may Kapansanan – Pagpayag sa Pagbibigay ng mga Detalye ng Estudyante sa Komisyonado ng Edukasyong Pangkatoliko ng Victoria

[Nationally Consistent Collection of Data on School Students with Disability – *Consent to Provide Student Details to the Catholic Education Commission of Victoria (CECV)*]

Likurang-kasaysayan tungkol sa Nationally Consistent Collection of Data on School Students with Disability (NCCD)

Ang lahat ng mga Ministro sa Edukasyon mula sa mga pamahalaang komonwelt, estado at teritoryo ay sinang-ayunan ang pagsasakatuparan ng naaalinsunod na pambansang pangongolekta ng datos sa mga estudyanteng may kapansanan sa lahat ng mga paaralang Australyano (pampamahalaan, nagsasarili at katoliko).

Ang naaalinsunod na pambansang pagpapasunod sa koleksyon ng datos ay nagbibigay sa lahat ng mga paaralang Australyano, mga awtoridad sa edukasyon at komunidad ng malinaw na paglalarawan sa dami ng mga estudyanteng tumatanggap ng ‘adjustments’ sa paaralan dahil sa kapansanan, at ang mga ‘adjustments, na ibinibigay sa kanila ay para bigyang kakayahan sila na makasali sa edukasyon sa kaparehong katayuan ng ibang mga estudyante.

Ang awtoridad sa pangongolekta ng impormasyon para sa mga pakay ng NCCD

Hinihingi ng *Australian Education Regulation 2013* (ang Regulasyon) (<https://www.legislation.gov.au/Details/F2016C00958>) sa lahat ng mga nagpapatakbo ng lahat ng pampamahalaan at di-pampamahalaang mga paaralan na tumatanggap ng pagpopondo galing sa pamahalaang Australyano (aprubadong mga awtoridad) na magbigay ng impormasyon sa Kagawaran ng Edukasyon at Pagsasanay (ang Kagawaran) ng Pamahalaang Australyano para sa mga pakay ng NCCD.

Ang impormasyon na dapat ibigay ng mga aprubadong awtoridad sa Kagawaran (Department) ay nakatala sa seksyon 58A ng Regulation. Kabilang dito, para doon sa bawat estudyanteng may kapansanan sa paaralang pinapatakbo ng aprubadong awtoridad ay:

- ang lebel ng edukasyon ng estudyante (hal. primerya o sekundarya)

- ang kategorya ng kapansanan ng estudyante (hal. pisikal, pagkabatid(cognitive), pangdamdam(sensory) o sosyal/emosyonal)
- ang lebel ng ‘adjustment’ ng estudyante (hal. suportang ibinibigay na napapaloob sa pinagkaiba’t-ibang kalidad (quality differentiated) sa sistema ng pagtuturo, suplementaryo, marami(substantial) o masaklaw (extensive) na ‘adjustment’).

Ang iba pang mga detalye tungkol sa impormasyon na kokolektahin at ang pormat ng impormasyong ibibigay sa Kagawaran ay napapaloob sa mga patnubay na aprubado ng Konseho ng Edukasyon (ang komite ng Konseho ng mga Pamahalaang Australyano na binubuo ng mga Ministro ng komonwelt at estado at teritoryo na may pananagutan sa edukasyon). Ang mga patnubay ng NCCD ay makukuha sa website ng Kagawaran sa www.education.gov.au/nationally-consistent-collection-data-students-disability-guidelines.

Ang impormasyon na ibibigay sa Kagawaran **ay hindi magtutukoy sa indibidwal na mga estudyante** (subsection 58A(3) ng Regulation); walang ibibigay sa Kagawaran ang mga aprubadong awtoridad na impormasyong resonableng magbibigay kakayahan sa Kagawaran na magtukoy sa indibidwal na mga estudyante¹.

Pangongolekta, paggamit at pagbubunyag ng impormasyong NCCD

Ano ang bago sa taong 2017?

Pakitandaan na para sa taong 2017 na pangongolekta sa NCCD, dapat ibigay ng mga paaralang Katoliko ng Victoria ang kanilang koleksyon ng datos sa pamamagitan ng ‘excel spreadsheet’ na tinitiyak ang pangalan ng indibidwal na estudyante. Ang impormasyong nagtutukoy sa estudyante ay ibibigay lamang sa Catholic Education Commission of Victoria (CECV) para sa mga pakay na pagmomodelong pampinansya sa paglilipat mula sa modelong pagpopondo sa Estudyanteng may Mga Kapansanan tungo sa bagong modelo ng NCCD. Ang impormasyong naibigay sa Kagawaran ay hindi maglalaman ng anumang mga detalyeng magtutukoy sa estudyante gaya nang nabanggit na sa unahan. Na kung ang mga magulang/tagapag-alaga/ tagabantay ay hindi pumapayag para ibigay ang pangalan ng kanilang anak, dapat nilang ibalik sa paaralan ang porma ng pagpayag (consent form) na nasa hulihan ng dokumentong ito. Kung ibinalik ang porma na ito, ang pagtukoy ng mga paaralan sa estudyante sa kanilang ‘excel spreadsheet’ ay ganito “Estudyanteng A, B, C...” bilang halimbawa.

Ang Kagawaran, para sa Joint Working Group², ay gagamitin ang impormasyong NCCD sa mga pakay ng paghahanda ng mga ulat para sa kaalaman at maigsing pagsasabi (brief) sa

¹ Kung mangyaring ang impormasyong ibinigay sa NCCD ng isang aprubadong awtoridad sa Kagawaran ay nagkamali at hindi direktang nakayanan ng Kagawaran na resonableng matukoy ang indibidwal, ang pagbubunyag ng impormasyon ng aprubadong awtoridad at ang pangongolekta ng impormasyon ng Kagawaran ay parehong awtorisado ng batas para sa mga pakay ng *Privacy Act 1988* (Cth). Datapwa’t, gagawa ang Kagawaran ng paraan upang maalis ang pagkatukoy sa impormasyong pang-NCCD.

Makukuha ang karagdagang impormasyon tungkol sa Department’s Privacy Policy sa www.education.gov.au/privacy.

² Ang Joint Working Group to Provide Advice on Reform for Students with Disability ay binubuo ng mga kinatawagang miyembro ng lahat ng mga pampamahalaang awtoridad sa edukasyon ng estado at teritoryo, Konseho ng Nagsasariling Mga Paaralan ng Australia (Independent Schools Council of Australia), ang Komisyonado ng Pambansang Edukasyong Pangkatoliko (National Catholic Education Commission), ang Australyan Kurikulum (Australian Curriculum), Awtoridad sa pagtatasa at Pag-uulat (Assessment and Reporting Authority), at ang Pamahalaang Australyano (Australian Government).

Australian Education Senior Officials Committee³ at Education Council nang tungkol sa NCCD. Kapag nagbibigay ng materyal nitong mga ulat o maigsing pagsasabi, titiyakin ng Kagawaran na ang impormasyong NCCD ay mananatiling di-matutukuyan.

Nitong Disyembre 2016, ipinalabas ng Education Council ang ulat na *Improving educational outcomes: Emergent data on students with disability in Australian schools* (www.educationcouncil.edu.au/EC-Reports-and-Publications.aspx). Sinasabi sa ulat ang mataas na lebel (high-level) na datos mula sa 2015 NCCD at siyang unang pampublikong paglalabas ng NCCD data.

Ang impormasyon sa NCCD ay magagamit din para sa pagbubuo ng polisiya na isinasagawa ng Kagawaran, kabilang na ang pagsasabi ng mga pagkukunsidera sa pagpopondo tungkol sa mga estudyanteng may mga kapansanan at iba pang mga pagbubuo ng polisiya na pinagkasunduan ng Education Council.

Pagkontak

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pangongolekta, paggamit o pagbubunyang impormasyon para sa NCCD pakisuyong kumontak sa: swdquery@cem.edu.au.

Nationally Consistent Collection of Data on School Students with Disabilities – Consent Form

Alam ko na ang aktibong pagpayag ay hindi kinakailangan para sa aking anak na makasali sa koleksyon ng paaralan para sa NCCD na tinutukoy ng *Australian Education Regulation 2013*.

HINDI ako pumapayag na ang pangalan ng aking anak ay itukoy sa NCCD koleksyon ng paaralan para ibigay sa Catholic Education Commission of Victoria (CECV) subalit naiintindihan ko na kung may pangangailangang nababagay, ang di-matutukuyang impormasyon tungkol sa aking anak ay maibibigay sa CECV.

Pangalan ng estudyante (pakisulat) _____

Paaralan _____

Pangalan ng magulang/tagapag-alaga
/tagabantay (pakisulat) _____

Lagda ng magulang/tagapag-alaga/tagabantay _____

Petsa _____

³ Ang Konseho ng Edukasyon (The Education Council) ay pangunahing sinusuportahan ng grupo ng mga senyor na opisyal na may pananagutan sa edukasyon ng paaralan, na nagkikita bilang Australian Education Senior Officials Committee (AESOC). Ang AESOC ay direktang may pananagutan sa Konseho para sa pagpapasunod ng mga desiyon ng Konseho ng Edukasyon (Education Council). Para sa impormasyon tungkol sa AESOC bisitahin ang: www.educationcouncil.edu.au/EC-AESOC.aspx.